

Ano ang magagawa ko upang tulungan ang aking komunidad?



Social Cohesion Guide for Communities

Pagiging kabilang sa mga komunidad

Lumilikha tayo ng mga komunidad para sa maraming mga dahilan, maaaring ikaw ay bahagi ng isang pamilya, paaralan, lugar ng trabaho, koponan sa isport, simbahan, maaaring nag-aaral ka ng bagong wika kasama ng iba o nagbabahagi ng iyong libangan. Anuman ang ating komunidad, masarap sa pakiramdam ang pagiging kabilang, madamang ikaw ay kasali, kumikilos nang normal, at bahagi ng isang bagay.

Tayong lahat ay magkakaiba ngunit gusto nating makisamang mabuti, ipagdiwang ang ating pagkakaiba-iba at igalang ang isa't isa kahit hindi tayo sang-ayon sa kanila. Mahalaga ito dahil hindi lahat ay nadarama na maaari silang maging kung sino man sila o nagtitiwalang pakikinggan ang kanilang sasabihin.

Tayo ay higit pang nagiging isang bansa na may iba't ibang komunidad at kailangan nating humanap ng mga paraan upang pakinggan at marinig ang isa't isa. Nais nating tumuon sa pag-unawa sa ating mga pagkakaiba at mga kalakasan at pagsikapang gawin ang makapagbubuklod at mas makapaglalapit sa atin.

Pagiging kabilang – ang anyo nito

Sa isang lipunan kung saan nagkakasundoang mga tao, kilala natin ang isa't isa, kilala natin ang ating mga kapitbahay, dama nating tayo ay kasali sa ating lugar ng trabaho, at alam natin kung saan tayo pupunta upang humingi ng tulong kung kailangan natin ito. Dama natin na kaya nating makipag-usap sa mga taong hindi natin karaniwang

nakakausap, magsalita kapag narinig nating nagsasabi ng mga bagay na mapangdiskrimina ang mga tao, at dama nating malaya tayong makakapagbahagi kung sino tayo, saan tayo nanggaling, at paano natin ginagawa ang mga bagay-bagay. Wala tayong iiwan sa isang krisis, lahat ay kabilang.

Pagbuo ng higit pang pagkakabilang – ano ang iyong magagawa

Kaya, ano ang ating magagawa sa ating mga komunidad upang mapabilang ang mas marami pang tao, tanggapin ang pagkakaiba-iba, madamang may ugnayan, makilahok, magtiwala sa iba, madamang iginagalang?

Pagiging kabilang, pagtiwala sa iba

- Makipag-usap sa ibang tao na kaiba sa iyo. Magsikap na bigkasin nang tama ang kanilang pangalan. Alamin kung bakit sila kumikilos nang naiiba sa atin, alamin kung ano ang pag-unawa nila sa mundo
- anyayahan silang sumali sa inyong koponan sa isport, imbitahin sila sa isang pinagsasaluhang aktibidad, ipakilala sila sa iyong mga kaibigan, tulungan sila sa Ingles, Te Reo Māori o New Zealand Sign Language, kung kailangan nila nito, at hilingan sa kanilangturuan ka ng higit pa tungkol sa wika o mga wikang alam nila.

Pagtanggap sa pagkakaiba-iba, madamang iginagalang

- bumuo o suportahan ang mga kawani sa inyong lugar ng trabaho kung saan nagtutulungan ang isa't isa upang harapin ang mga isyu tulad ng diskriminasyon batay sa lahi, kasarian, sekswalidad at iba pang mga pagkakaiba. Hilingin sa inyong lugar ng trabaho na mangakong agkaroon ng magkakaibang representasyon sa lahat ng antas
- maging suportang Whānau para sa isang kasamahang dumaranas ng diskriminasyon sa lugar ng trabaho o iba pang komunidad

- maghanap ng pagsasanay sa pamamagitan ng inyong lugar ng trabaho, konseho o grupong pangkomunidad tungkol sa pagtalakay sa diskriminasyon
- sumulat sa inyong lokal na konsehal o Miyembro ng Parlamento o gumawa ng pagsusumite sa isang konsultasyon ng pamahalaan, o magpahayag tungkol sa mga isyu ng diskriminasyon.

Madamang kaugnay

- mag-organisa ng isang community fair o araw ng kapitbahayan at anyayahang lumahok ang mga kinatawan, pati ang mga bata, mula sa lahat ng bahagi ng komunidad
- dumalo at ipakita ang iyong pagsuporta ng mga kaganapang pangkomunidad na inorganisa ng mga tao na kaiba sa iyo
- sa panahon ng pandemya, mag-alok na magdaos ng klinika ng bakunahan sa isang community hall, lugar ng sambahan o iba pang lugar
- magdaos ng lokal o pambansang debate ng mga naghahangad na maging konsehal o MP sa eleksyon
- makipag-ugnayan sa katulad na mga komunidad at tingnan kung paano kayo magtutulungang makamit ang mga layunin ng isa't isa
- buksan para sa komunidad ang inyong marae, lugar ng sambahan, mosque, simbahan, mga club room at ipaalam sa kanila kung sino ka at paano ka nila makikilala.

Pakikilahok

- matuto ng higit pa tungkol sa Te Reo Māori, sa kasaysayan ng Aotearoa New Zealand, Te Tiriti o Waitangi, gamit ang libreng online na mga app gaya ng Kōrerorero, Kupu at Ako Tahi o magparehistro sa isang kurso sa pamamagitan ng Te Wānanga o Aotearoa, bisitahin ang mga eksibisyong pangkasaysayan sa inyong lokal na museo, o humiram ng mga libro sa inyong lokal na aklatan tungkol sa kasaysayan ng Aotearoa New Zealand.
- lakas-loob na makipag-usap sa isang taong nandidiskrimina laban sa isa pang tao, gamit ang mga mapagkukunan na nasa website ng Human Rights Commission tulad ng Responding to Racism (Pagtugon sa Rasismo)

- makipag-usap sa mga tagapayong pangkomunidad tungkol sa iyong mga ideya kung paano magkaroon ng higit pang pagkakabilang sa inyong komunidad
- mag-aplay para sa pondo mula sa mga ahensya ng pamahalaan upang mapondohan ang inyong proyektong pangkomunidad, magsimula sa mga nagbibigay ng pondo gaya ng COGS o mga Loterya sa pamamagitan ng sistema ng pamamahala sa mga ayuda o sa pamamagitan ng Programa sa Pagpapaunlad na Pinamumunuan ng Komunidad o Community-Led Development Programme. May makukuha pa ring ibang pondo – humiling ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga opsyon.

